Oktubre 2013

NOT FOR SALE

VALENZUELA Ngayon

Taon 8 Blg 1

Tayo na, Valenzuela!




# Level up sa Good Governance



***IKA-21 PUNONGLUNGSOD.*** Iniaabot ni dating Mayor WIN Gatchalian (kanan) ang watawat ng seal ng lungsod kay dating Rep. REX Gatchalian bilang bagong alkalde sa ginanap na simpleng turn over ceremony sa harap ng mga empleyado ng city hall sa Valenzuela City Astrodome, Hunyo 27. ***Kuha ni J. Licuan***

## Mayor REX: 'Ipagpapatuloy, hihigitan'

**"UPGRADED NA ANG MGA PANGARAP NATIN NGAYON,"** ito ang pahayag ni Valenzuela City Mayor Rex T. Gatchalian sa kanyang bagong tungkulin bilang ika-21 halal na alkalde ng lungsod.

Sa panayam ni Howie Severino sa programang News-to-Go ng GMA News TV, Hulyo 2, sinabi niyang tatayuan niya ang plataporman "good governance" na sinimulan ni First District Rep. Sherwin T. Gatchalian, dating alkalde.

"Plataporma natin ay simple: ipagpapatuloy natin ang nagustuhan [ng mga Valenzuelano] at hihigitan natin ang ginawa ng ating predecessor," wika ng 34 anyos na punong lungsod.

Aniya, ngayong nariyan na ang mga basic na pangangailangan ng mga Valenzuelano, gaya ng sistema sa pangongolekta ng basura, mga imprastruktura, mga paaralan, ospital at iba pa, mapagtutuunan na niya ng pansin ang pagpapatuloy at pag-iimprove ng mga ito.

Dito na aarangkada ang pagpapalakas pa ng mga barangay, partikular ang mga health center at mga kawani nito gaya ng mga health worker at mga nutrition scholar upang hindi na kailangang maraming tao ang pumunta pa ng ospital.

Naniniwala din ang dating kongresista na mahalaga ang universal insurance para sa

sundan sa pahina 2



*Kaliwa, tropeo ng Champions for Health Governance 2013. Kanan, sertipiko ng Seal of Good Housekeeping mula sa DILG.*



# Pag-asa ramdam sa bagong youth rehab center

***BAGONG SIMULA.*** *Masayang naglilibang at naglalaro ang ilan sa mga benepisyaryo ng Bahay Pag-asa Youth Rehabilitation Center.* ***Kuha ni Jonathan Licuan***

**PORMAL NA PINASINAYAAN NG LUNGSOD** ang bagong tayong Bahay Pag-asa Youth Rehabilitation Center sa R. Jacinto Street, Brgy. Canumay West, na matatawag na tahanan ng mga CICL o *children in conflict with the law,* Mayo 31, 2013.

Ang Bahay Pag-asa ay isinakatuparan bilang pagsunod sa kautusan ng Republic Act 9344 o ang *Juvenile Justice Act of 2006.*

"Ang Bahay-Pag-asa ay ipinatayo

sundan sa pahina 4

### Una sa CAMANAVA

# Dialysis Center bukas na sa VCEH



***BUDGET-FRIENDLY.*** *Komportableng sumasailalim sa kanyang hemodialysis session ang isang pasyente ng dialysis center sa VCEH. Kung ikukumpara sa ibang dialysis clinic, mas mura ang presyo dito ng bawat session.* ***Kuha ni J.Licuan***

**BUKAS NA UPANG MAGSERBISYO SA MGA NANGANGAILANGAN** ang bagong dialysis center ng Valenzuela City Emergency Hospital.

Air-conditioned ang buong center kaya komportable ang mga pasyente habang sumasailalim sa hemodialysis session na kalimitang tumatagal ng apat na oras.

Mayroon ditong limang makabagong dialysis machine at may isang lisensyadong nephrologist ang regular na titingin sa kalagayan ng bawat pasyente.

Ang pagda-dialysis ang pumapalit sa

sundan sa pahina 2

## Mga kinatawan ng Valenzuela sa 16th Congress



Unang Distrito

Hon. Sherwin T. Gatchalian



Ikalawang Distrito

Hon. Magtanggol T. Gunigundo

***TINIG MAMAMAYAN:*** *"Mas mataas ang expectations ko ngayon dahil halos lahat ng nanalo ay galing sa iisang partido kaya mas madali para sa kanila ang magdesisyon at magpasa ng mga resolusyon para sa pag-unlad ng Valenzuela. Pangalawa, maraming nagawa ang nakaraang nanungkulan at malaki ang pagbabago ang naidulot ng mga iyon kaya umaasa ako na mahihigitan pa nila ang nagawa ng mga nakaraang opisyal ng ating lungsod. Pangatlo, inaasahan ko din mula sa mga nanalong opisyal, ang pagtulong nila sa mga barangay kahit na hindi nila kapartido ang nakaupong chairman."* ***- Jimuel Calizo Caballero, via Facebook***



***STUDY TOUR.*** *Muling bumisita ang ilang kinatawan ng Iloilo City sa pangunguna ni Mayor Jed Mabilog (kaliwa) noong Hulyo 25 sa Valenzuela City Hall bilang bahagi ng INVEST project ng USAID.* ***J. Licuan***

# Valenzuela, modelo sa business licensing ng ibang lungsod

**MAINIT NA TINANGGAP NG PAMAHALAANG LUNGSOD** ng Valenzuela ang apat na delegasyon mula sa iba't ibang parte ng bansa sa magkakahiwalay na pagbisita ng mga ito upang pag-aralan ang sistema ng lungsod sa paglilisensya at pag-i-isyu ng business permit.

Ikalawang pagdalaw na ng Lungsod ng Batangas, sister city, noong Hunyo 26 na bahagi ng implementasyon ng Investment Enabling Environment (INVEST) project ng United States Agency for International Development o USAID. Ang Iloilo City naman ay bumisita noong Hulyo 25 at Okt. 9 at ang Cagayan De Oro City noong Okt. 1 sa pangunguna ni Mayor Oscar Moreno na chairman din ng League of Cities of the Philippines (LCP).

Ang tatlong local government unit (LGU) na ito ay mga partner ng USAID-INVEST project na naglalayong matulungang maiangat ang antas ng pagnenegosyo at mapataas ang investments ng bansa sa tulong ng mga LGU.

Ang mga kinatawan ng tatlong lungsod ay dinadala sa iba't ibang modelong LGU, isa na nga rito ang Valenzuela, upang matuto ng mga natatanging proseso na makatutulong sa kanila.

Iprinisenta ng mga kawani ng Valenzuela City ang 3S Program (Simple, Speed, Service Excellence) na kinilala ng Galing Pook Foundation bilang isa sa Ten Outstanding Local Government Programs noong 2012. Ang 3S ang prinsipal na polisiya ng lungsod sa pagsugpo ng korapsyon at pagsasaayos ng mga serbisyo nito.

Sa tulong ng 3S Program, patuloy na tumataas ang bilang ng mga negosyo na nagpaparehistro, malaki man o maliit. Nagreresulta ito ng mas malaking kita para sa lungsod na ayon sa datos ay nasa halos P615 milyon na noong 2012. Naging susi ito upang magawaran ang lungsod ng Most Business-Friendly Local Government Unit Award sa ilalim ng Highly Urbanized City Category ng Philippine Chamber of Commerce and Industry (PCCI) noon ding nakaraang taon.

Nagsilbi ring modelo ang Valenzuela City sa kahalintulad na study mission ng National Economic Research and Business Assistance Center ng Central Luzon(NERBAC-CL)noongnakaraang Agosto 30.

Ang NERBAC-CL ay isang katipunan ng mga institusyong may kaugnayan sa business registration. Ito ay binubuo ng ilang LGU, mga tanggapang pangrehiyon ng Department of Trade and Industry (DTI), Bureau of Internal Revenue (BIR), Philippine Health Insurance Corporation (PHIC), Social Security System (SSS), Home Development Mutual Fund (HDMF) at Cooperative Development Authority (CDA).

Kaugnay nito, mas pinagaan na rin ang pagbabayad ng mga kaukulang bayarin sa business license, real property tax at engineering permit sa pamamagitan ng sistemang Internet Payment Gateway (IPG) at Point of Sale (POS) ng Development Bank of the Philippines (DBP) kung saan maaari nang magbayad gamit ang Visa credit card o online sa www.valenzuela.gov.ph, ang opisyal na website ng pamahalaang lungsod.

Sa mga darating na buwan ay tuluyan nang maipatutupad ang programa sa Valenzuela City na ayon kay DBP Valenzuela Manager Lea Remolano ay ang pinakaunang LGU sa Metro Manila na magkakaroon ng ganitong sistema. - ***Liezel Fulgencio, Michael Sangil***



***6TH CITY COUNCIL. Mga nakatayo (L-R):*** *(D1) Kon. Rovin Andrew Feliciano; Liga ng mga Barangay Pres. Ramon Encarnacion; (D1) Kon. Marcelino "Mar" Morelos; (D2) Kon. Lailanie "Lai" Nolasco; (D1) Kon. Jennifer "Jenny" Esplana; (D2) Kon. Kristian Rome "Tyson" Sy; (D1) Kon. Antonio "Tony" Espiritu; (D1) Kon. Marlon Alejandrino* ***Mga nakaupo (L-R):*** *(D2) Kon. Kimberly Ann "Kim" Galang; SK Fed. Pres. Cristina Marie "Cris" Feliciano; (D2) Kon. Rosalie "Lotlot" Esteban-Cayco; Vice Mayor Eric Martinez; (D2) Kon. Lorena "Lorie" Natividad-Borja; (D1) Kon. Corazon "Cora" Cortez; (D2) Kon. Crissha "Charee" Pineda.* ***Kuha ni Ruichi Realista***

# Good governance

*mula sa pahina 1*

mga nangangailangan kung kaya palalawakin pa nito ang PhilHealth sa lungsod.

"Wala na dapat insidente ng pagkamatay sa lungsod dahil lamang sa panganganak at malnutrisyon. Sa tatlong taon, kaya nating sabihin na walang mamamatay dahil lamang sa kakulangan sa salapi upang ipagamot ang kanyang sarili," pahayag niya sa ibang panayam.

**Champion of Health Governance**

Ang mga ganitong uri ng pagtuon ng lungsod sa kalusugan ang nagbigay daan para kilalanin ng Ateneo School of Government, Kaya Natin! Movement for Good Governance and Ethical Leadership at Merck Sharp & Dohme ang Valenzuela City bilang kauna-unahang "Champion of Health Governance" noong Hunyo 2013 sa Intramuros, Maynila.

Ang mga programang pangkalusugan sa ilalim ng administrasyon ng dating alkalde ay sinuri ng naturang pribadong grupo base sa effectiveness, innovativeness, community engagement local leadership, at transparency and accountability.

**Paglingkuran ang lahat**

Bilang punong administrador ng lungsod, sisiguraduhin aniya na makinis pa rin ang takbo ng city hall upang makamit ang mga takdang goal nito para sa mga tao. Hinimok din niya ang lahat ng kawani na tumalima pa rin sa 3S (Simple, Speed and Service Excellence in Public Service) program ng lungsod.

Ang 3S Program ay ang plataporma ng lokal na gobyerno upang labanan ang kultura ng graft and corruption at masiguro ang katapatan sa pamamahala at kalidad ng serbisyo nito sa publiko.

"Irespeto natin ang lahat ng indibidwal na pumapasok sa city hall. Bilang kawani, obligasyon natin na paglingkuran ang lahat. Nakatsinelas man, naka-shorts o naka-maong," bungad ni Mayor REX sa flag ceremony sa una niyang araw sa city hall. "Kailangang irespeto natin sila tulad ng pagrespeto natin sa ating mga sarili. Sila [ang mga tao] ang nagpapasweldo sa atin kaya kailangang hindi tayo namimili ng paglilingkuran."

**Good Housekeeping**

Repleksyon ng adhikaing ito ang pinakahuling pagkilalang natamo ng lungsod bago bumaba si Congressman WIN Gatchalian bilang alkalde ng tatlong magkakasunod na termino. Ipinagkaloob ni DILG Regional Director Renato Brion, Hunyo 25, ang Seal of Good Housekeeping (Bronze category) dahil sa masinop nitong palakad at programa sa city hall.

Patunay lamang ito ng katapatan ng pamahalaang lungsod sa mga Valenzuelano at nararapat lamang na ipagpatuloy para sa ikauunlad pa nang mabuting relasyon sa pagitan ng gobyerno at mamamayan. - ***Z. Caiña, R. Cañete, M. Cayabyab at L. Fulgencio***

# Dialysis Center

*mula sa pahina 1*

nawalang kakayahan ng mga kidney na linisin ang mga dumi sa loob ng katawan.

Kadalasang nauuwi sa pagda-dialysis ang kaso ng mga sakit sa bato na hindi kaagad nalalaman at naaagapan. Isa hanggang dalawang sesyon kada linggo ang dapat bunuin ng mga nag-he-hemodialysis depende sa kondisyon ng pasyente.

Nasa P1,785 kada sesyon ang singil para sa mga pasyenteng residente ng Valenzuela at P3,570 naman para sa mga hindi residente ng lungsod. Ang may mga VC Cares Card naman ay magbabayad lamang ng P1,275. Para naman sa mga aktibong miyembro ng Philhealth, nakakuha na ng accreditation ang center at sa darating na Enero ng susunod na taon ay libre na ang kanilang 45 sessions na papatak ng halos anim na buwang gamutan.

Ang dialysis center na ito ay ang kauna-unahang dialysis clinic sa CAMANAVA Area na pinopondohan at pinatatakbo ng lokal na gobyerno. Isang malaking kaluwagan para sa mga residente ng Valenzuela City na dati ay pumupunta pa sa mga pribadong ospital sa mga karatig-lungsod upang magpagamot.

Kung may iba pang mga katanungan tungkol sa serbisyong medikal na ito, maaaring tumawag sa 352-6000 local 6048.- ***Michael Sangil***



***HINDI NA MASUSUNDAN.*** *Tagpo sa loob ng Marulas Lying-in Clinic habang isinasagawa ang BTL o "pagtatali" sa isang pasyente.* ***Kuha ni Mark Cayabyab***

# Tinuldukan ni misis

**NAGDESISYON ANG MAY 170 KABABAIHAN** mula sa iba't ibang bahagi ng lungsod na magpatali sa pamamagitan ng libreng bilateral tubal ligation (BTL) ng City Population Management Office.

Patunay ito ng pagpapatuloy ng population management program ng lungsod na magabayan ang mga Valenzuelano para sa mga ligtas at ligal na pamamaraan ng family planning ayon sa kanilang paniniwala.

Ayon sa naturang tanggapan, 72 ang kanilang kliyente noong Marso at 98 naman nitong Mayo. Isinasagawa ang programa sa Marulas Lying-in Clinic sa pakikipagtulungan ng Marie Stopes Ligation Clinic. Nakatanggap din sila ng libreng gamot at grocery items. Sumailalim din sila sa seminar ukol sa family planning at responsible parenthood.

Ayon kay Elena de Lima, 42, ng Brgy. Mapulang Lupa at isa sa mga BTL nanay, makatutulong ang kanyang desisyon na permanenteng tuldukan ang kanyang kakayahang magkaanak muli upang mapagtuunan ng tamang oras at aruga ang kanyang limang mga anak.

Dagdag pa ni Glenda Galzote, population manager ng kanilang barangay, maligaya ngunit panatag na pagsasama ang maidudulot nito sa mag-asawa dahil hindi na sila mangangambang makabuo ng hindi sinasadya o wala na silang iisipin pang mga pills, condom o schedule ng fertility. ***-M. Cayabyab***



# Mga bagong klasrum inspirasyon ng DNHS studs



***GANADO NA, INSPIRED PA.*** *Ganado ang mga mag-aaral ng Dalandanan NHS sa kanilang pag-aaral dahil sa nakaka-inspire na bagong gusali ng paaralan at mga bagong klasrum.* ***Kuha ni Jonathan Licuan***

**PINASINAYAAN NG MGA OPISYAL,** kasama ang mga mag-aaral ang bagong gusali ng Dalandanan National High School (DNHS) kasabay ang pagbubukas ng Engineering Building sa Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela (PLV) kamakailan.

Malaking kaluwagan ngayon ang nararamdaman ng mga estudyante sa DNHS dahil sa 50 bagong silid-aralan nito. Sa bagong tayong gusali na may apat na palapag, may kapasidad ito para sa 4,500 mag-aaral o mahigit isang daang seksyon na may 45 estudyante bawa't isa.

Sa pangkalahatan, pumapalo sa 1:44 ang classroom-student ratio ng mga pampublikong paaralan sa lungsod, malayo ito kumpara sa karaniwang 1:74 sa National Capital Region.

Samantala, kasalukuyan na ring pinakikinabangan ng mga mag-aaral sa Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela (PLV) Annex ang bagong Engineering Building na may dalawang palapag at siyam na silid-aralan.

Siniguro ng pamahalang lungsod na maitayo ang gusaling ito na ginugulan ng halagang P40 milyon, kasama na rito ang mga equipment, upang palakasin pa ang kalidad ng kursong Engineering at Information Technology sa PLV.

Sa naganap na pagpapasinaya ng naturang pasilidad, ipinahayag ni Cong. WIN Gatchalian na ang pagpapahalaga sa kursong Engineering sa PLV ay sadyang binigyang-pansin dahil sa nakikinita nitong "construction boom" sa susunod na sampung taon.


"Ang pagtatayo ng mga bagong gusali sa mga paaralan ay isang indikasyon sa pangako ng pamahalaang lungsod sa pagbibigay ng de-kalidad na edukasyon sa kabataang Valenzuelano," sabi ng dating alkalde.

Ang PLV Annex na nasa Barangay Malinta, PLV Main na nasa Barangay Karuhatan at ang Valenzuela Polytechnic College (ValPoly) na nasa Brgy. Parada ay mga paaralang pang-kolehiyo na pinatatakbo ng lokal na pamahalaan.

Sa kasalukuyan ay mayroon nang 4,605 estudyante ang PLV at 2,335 naman ang naka-enrol sa ValPoly.

Simula taong 2004 ay nakapagpatayo na ang pamahalaang lungsod ng 731 klasrum sa mga pampublikong paaralan sa elementarya, sekondarya at kolehiyo. - ***Beng Bautista***

## Maagang pagbabasa isinusulong



*Ito ang adhikain ng "Booklatan" ng National Book Development Board, Save the Children at Prudence Foundation na ginanap sa Valenzuela Astrodome, Agosto 16, para sa mga batang edad 0 hanggang 4. Dinaluhan ng 364 na mga nanay, tatay at mga tagapag-alaga, itinuro ng programa na bigyan ang mga bata ng isang 'language-rich environment' na inaasahang hahasa sa kanilang pananalita. Bukod sa pagbasa, makatutulong din ang aktibong pakikipag-usap, pagkanta at pakikinig ng musika kasama sila, sabi ni Maya Nayo, isang tagapayo sa Early Childhood Care and Development (ECCD) ng lungsod. Kailangan ng mga bata ng 'live language' na magmumula sa mga taong nakapaligid sa kanila. Mas mainam ito kumpara sa mga salitang matututunan sa telebisyon. -* ***M. Cayabyab, M. Sangil***

| BILANG NG ENROLLEES SY 2013 - 2014 | |
|---|---|
| KINDER | 9, 850 |
| ELEMENTARY | 69, 949 |
| HIGH SCHOOL | 40, 377 |
| VALPOLY | 2, 335 |
| PLV | 4, 605 |

## *Primary education*

# Pamamahagi ng school supplies dinugtungan



***EDUCATIONAL SUPPLEMENT****. Nag-volunteer ang isang estudyante ng San Miguel Heights Elementary School sa Brgy. Marulas na tumulong sa pagpapamahagi ng Math at English worktext sa kaniyang mga kamag-aral.* ***M. Sangil***

**SA ILALIM NG BAGONG ADMINISTRASYON,** hindi nabigo ang mga kabataang Valenzuelano na makatanggap ng ayuda para sa kanilang pag-aaral. Ipinagpatuloy ang pamamahagi ng libreng gamit sa lahat ng antas ng primary education sa pamamagitan ng REXponsableng Serbisyo sa Edukasyon program ni Mayor REX Gatchalian.

Sa datos ng Early Chidhood Care and Development Office (ECCD), umabot sa 40,580 worktext sa limang asignatura ang ipinamahagi ng pamahalaang lokal para sa 8,000 daycare children. Mayroon din silang libreng daycare shirt, instructional materials at educational toys.

Samantala, may 89,400 Math at English worktexts din ang ipinagkaloob sa mga mag-aaral na nasa ikatlo hanggang ikaanim na baitang. Nakapagbigay din ng kabuuang 548,129 na notebook para sa mga nasa elementarya at hayskul.

Sa huling araw ng worktext distribution noong Setyembre 10 sa Gen. T. De Leon Elementary School, ipinahayag ni Mayor REX ang paniniwala na muling mapagbubuti ng mga mag-aaral ang kanilang National Achievement Test (NAT) sa darating na March 2014 sa tulong ng mga ipinagkaloob na mga educational supplement na ito.

**SAGOT ANG TUBIG, KURYENTE**

Sa kaugnay na balita, sasagutin na rin ng pamahalaang lokal ang mga bayarin sa tubig at kuryente ng lahat ng daycare centers sa lungsod.

Ayon sa datos ng Property Office, nasa 55 daycare centers ang kasalukuyang pinopondohan ang gastusin sa tubig na aabot sa P80,600 kada buwan. Nasa 44 na daycare centers naman ang sagot ang buwanang bill sa kuryente na may kabuuang P50,150. Kung susumahin aabot sa P1,569,000 ang ginugugol ng pamahalaang lungsod sa water at electric bills ng nasabing mga pasilidad kada taon.

Sinabi ni District 2 ECCD Program Supervisor Ma. Cristina Cristobal na aabot sa P127,200 ang karagdagang pondong magagamit para sa buwanang konsumo ng mga natitirang daycare center. May kabuuang bilang na 76 ang daycare centers sa buong Valenzuela.

Ganito rin ang sitwasyon ng lahat ng pampublikong high school sa lungsod, pati na ang dalawang pampublikong kolehiyo sa lungsod – ang Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela (PLV) at Valenzuela City Polytechnic College (VALPOLY) kung saan ang lokal na pamahalaan din ang sumasagot sa lahat ng kanilang gastusin sa kuryente at tubig. -***Rafael Cañete, Michael Sangil***

# Sari-sari

## Bawal ang epal sa 4Ps

***"PANTAWID PAMILYANG PILIPINO PROGRAM",*** ang programa ng pamahalaan na mas kilala sa tawag na 4Ps. Layon nitong mabawasan ang kahirapan sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong pinansyal para tugunan ang pangangailangan sa edukasyon, kalusugan at nutrisyon ng mga batang may edad 0-14.

Maaari kang maging benepisyaryo nito kung ikaw ay may anak na may edad 0-14 at kung ikaw ay napatunayang nabibilang sa pinakamahihirap na kababayang Pilipino sa ilalim ng pagbeberipika ng Department of Social Welfare and Development.

Ang bawa't benepisyaryo ay maaaring matulungan hanggang tatlong anak nito na may edad na nabanggit. Makatatanggap ng halagang P300 kada buwan bawa't isang bata bilang tulong sa pag-aaral nito at halagang P500 naman para sa pangangailangang pang-kalusugan ng pamilya. Sa kasalukuyan ay mayroong 11,288 pamilyang Valenzuelano ang nakikinabang sa programa.

Ang mga alituntunin naman ng DSWD sa mga benepisyaryo upang regular nilang matanggap ang kanilang benepisyo ay ang araw-araw na pagpasok ng mga bata sa paaralan, ang regular na pagpapatingin sa health center at ang pagdalo sa mga Family Development Session.

Ayon sa DSWD, marami ang may maling paniniwala na ang pagiging benepisyaryo ng programang ito ay inirerekomenda at maaari ding tanggalin ng mga mayor, konsehal at iba pang mga opisyales ng bayan kung kaya't naglabas ang ahensya ng anunsyong "Ang DSWD lang ang may karapatang magtanggal ng benepisyaryo sa 4Ps. "Bawal ang epal dito".

Para sa mga sumbong, magtext sa 0918-9122813 o mag-email sa: 4psreklamo@gmail.com; www.facebook.com/pantawid.grs; Twitter:@4psreklamo.- ***Beng Bautista***

## Kaligtasan hatid ng pailaw sa mga brgy.

**MALIWANAG AT MAS LIGTAS NA MGA DAANAN** ang hatid ng "Pailaw sa Barangay" ng pamahalaang lungsod sa ilang komunidad na dating nangangapa sa dilim.

Ayon kay Mayor REX Gatchalian, inilunsad ang proyekto upang makatulong sa pagpigil ng pagla-ganap ng mga krimen sa mga naturang lugar. Si-nimulan ang pagpapasinaya noong Hunyo ni dating Mayor Sherwin Gatchalian bago ito naging kon-gresista.

Kabilang sa mga pinailawan ang Becona Com-pound at Mahabang Parang ng Brgy. Bignay, En-rique Compound ng Brgy. Palasan, Bagong Pag-asa at Damayan sa Brgy. Paso de Blas, Villa Angeles sa Brgy. Pasolo. Mayroon ding ilang komunidad ang kinabitan ng pailaw sa mga barangay ng Balangkas, Coloong, Isla, Malinta at karagdagang limang ilaw pa sa Palasan bago magtapos ang taon.

Binadyetan ng P1.7 milyon ang proyekto na isang patunay sa pagkakahirang ng Valenzuela City bilang top honoree local government unit ng 1st Meralco Luminaries Awards noong 2011 na kumikilala sa mga pribado at pampublikong sektor na nagpamalas ng kahusayan sa pamumuno sa tulong ng matamang paggamit ng enerhiya at teknolohiya. – ***M. Sangil***

## Pagpaparehistro sa mga pedikab pinagaan

**APRUBADO NA ANG CITY ORDINANCE NO. 2013-078** o Reduction of Pedicab Registration Fees, ang ordinansang nag-amyenda sa Article XVI, Section 97, Numbers 1 and 2 ng Ordinance No. 2005-019 na mas kilala bilang The Land Transportation Code of the City of Valenzuela.


Ang ordinansang ito na isinulat ni Kon. Marlon Alejandrino at dating Kon. Gerard Esplana ay nag-uutos na pababain ang bayad sa pagpaparehistro ng mga pedikab. Mula sa P200 para sa mga pampublikong pedikab ay ibinaba ito sa halagang P100, at ginawa namang P100 ang bayad mula sa dating presyong P150 para naman sa mga pampribadong pedikab.

Ang ID ng drayber ng pedikab na iniisyu ng Valenzuela City Transportation Office (VCTO) ang magsisilbing lisensya ng mga ito. Kinakailangang maipasa ang ilang kaukulang dokumento upang makakuha ng naturang ID.

Kailangan ding dumalo ang drayber ng pedikab sa seminar ng Pedicab Drivers Professionalization Program (PDPP) upang mapalawak pa ang kanilang kaalaman sa mga batas trapiko ng lungsod.

Sa pagkuha ng permit para sa mga pampublikong pedikab, kailangang dalhin ang pedikab sa VCTO para sa Road Worthiness Inspection bilang pagsunod sa ordinansang panlansangan partikular na ang itinalagang kulay nito, mga gulong, reflectorized na istiker at iba pang mga bagay para sa kaligtasan ng pasahero at maging ng drayber. Ang taunang pagpaparehistro ay depende sa huling numero ng plaka nito. - ***Beng Bautista***

### Bagong City Jail
# Makataong piitan para sa kinabukasan



***WORLD-CLASS PRISON.*** *Matayog na nakatindig ang 5-storey Valenzuela City Jail sa kahabaan ng Maysan Road, Brgy. Malinta.*



***HOLISTIC TRANSFORMATION.*** *Eksena sa loob ng bilangguan habang sumasailalim sa session ng Alternative Learning System (ALS) ang mga detainee.*



***SPORTS FEST.*** *Nagpasiklaban sa basketball ang iba't ibang koponan ng mga inmate sa Sports Fest na ginanap sa rooftop ng Valenzuela City Jail, Agosto 15.*

**MAAYOS NA PANAHANAN AT MAKATAONG REHABILITASYON** ang hatid ng bagong Valenzuela City Jail na pormal na binuksan noong Hunyo 24 sa ilalim ng pamamahala ng dating alkalde at ngayo'y District 1 Rep. Sherwin T. Gatchalian.

Matatagpuan sa Maysan Road, Brgy. Malinta katabi ng Bulwagang Katarungan, ang gusali ay mayroong limang palapag at may laking 1,900 metro kwadrado na nagtataglay ng labindalawang selda, visiting area, maayos na mga banyo, klinika at mini-canteen, habang ang sun deck ay ginawang basketball court para sa pisikal na mga aktibidad ng mga inmate. Sa kasalukuyan, ito ay nagsisilbing tahanan sa mahigit 500 preso.

Mas presko at maaliwalas ang bagong pasilidad kumpara sa malasardinas na dating gusali nito.

Umabot sa mahigit P37.5 milyon ang halaga ng konstruksyon nito at kada taon ay binabadyetan din ng halos P2.5 milyon para sa pang-araw-araw na gastusin.

Ayon kay Cong. WIN, investment na maituturing ang hakbanging ito dahil natutulungan ang bawat inmate sa kanilang pangkabuuang transpormasyong hatid ng kaaya-ayang tirahan at iba't ibang serbisyo gaya ng Alternative Learning System (ALS), livelihood programs at iba pa na sisiguro sa kanilang pagsasaayos bago muling maging bahagi ng lipunan. *"Construction is just one aspect of transformation. But what is more important is the transformation of the heart,"* dagdag pa niya. - ***E. Francisco, M. Sangil***

# 'Battle of Malinta' ng 1899, kinilalang mahalagang yugto sa kasaysayan



*Unveiling ng panandang pangkasaysayan para sa Battle of Malinta na idinaos sa city hall grounds, Abril 22, kasama sina NHCP Exec. Dir. Ludovico Badoy (5th from L), Knights of Rizal Supreme Commander Sir Regis Romero II (4th from L) at mga opisyal.* ***J. Licuan***

**BILANG PAGBIBIGAY-PUGAY AT PAGKILALA** sa kagitingan ng mga bayaning Filipino sa naganap na 'Labanan sa Malinta' noong Marso 25, 1899, iginawad ng National Historical Commission of the Philippines (NHCP) ang panandang pangkasaysayan na inilagak malapit sa lugar kung saan naganap ang mismong sagupaan sa isang seremonyang idinaos noong Abril 22, 2013.

Kasabay nito ang presentasyon sa publiko ng ni-restore na Egbert Cannon na kaisa-isang narekober sa apat na kanyong inalay ng mga Amerikano para sa kanilang mga sundalo na nagbuwis ng buhay sa nasabing labanan. Ang kanyong ito na may habang sampung talampakan at bigat na labing-apat na tonelada ay nahukay sa Brgy. Malinta noong Setyembre 2012.

Sa tulong ng NHCP, matagumpay na naipanauli ang kanyon at ngayon ay nakalatag sa isang entabladong bato na makikita sa likurang bahagi ng city hall, katabi ng panandang pangkasaysayan.

Ayon sa NHCP, ginagawaran lamang ng historical marker ang mga bayaning Filpino, mga kaganapan at pook na makasaysayan at makabansang pagkilos upang maisabuhay ng mga Filipino ang pambansang kamalayan sa kasaysayan ng Pilipinas at maipakita ang dangal ng kulturang Filipino at pagkakakilanlan nito.

Ito ang ikalawang panandang pangkasaysayan na naigawad sa lungsod. Ikauna ang panandang pangkasaysayan sa bahay ng ating bayani at isa sa kataas-taasang tatlo ng Katipunan, Dr. Pio Valenzuela. - ***Michael Sangil***



*Ang Egbert Cannon na nakabaon sa Brgy. Malinta bago ito mahukay noong nakaraang taon.* ***M. Cayabyab***




*Paalaala sa bagong henerasyon.* ***M. Sangil***

# Bahay Pag-asa

***mula sa pahina 1***

hindi lamang upang magsilbing pansamantalang tirahan ng CICL kundi bilang kaagapay ng mga batang benepisyaryo sa kanilang paghahanda sa muling pagharap sa lipunan," ani Bernardino Bautista, OIC ng naturang pasilidad.

Malaking tulong sa kapulisan ang pagbubukas na ito ng Bahay-Pag-asa ayon kay SP01 Lorena Hernandez, Officer-in-Charge ng lokal na Women and Children's Protection Desk.

"Dati, ang CICL ay dinadala pa namin sa PREDA (People's Recovery Empowerment and Development Assistance) sa Olongapo City na pinatatakbo ng isang non-governmental organization na napakalayo mula dito sa atin," pahayag ni Hernandez.

Sa kasalukuyan, mayroong 18 CICL na may edad 14 hanggang 17 ang nasa pangangalaga nito. Ilan dito ay nagmula sa *detention center* ng Valenzuela City Police Station.

Ayon pa kay Bautista, iba't ibang gawain ang inihanda ng lokal na pamahalaan para sa mga bata gaya ng pagpapatuloy ng kanilang pag-aaral sa pamamagitan ng Alternative Learning System (ALS), regular na *counseling*, *psychological evaluation*, *film showing*, *spiritual enhancement* at iba't ibang *recreational activities*.

May dalawang palapag ang gusali nito na may sukat na 423.9 metro kuwadrado at may kapasidad para sa 30 kliyente.

Samantala, binati ni Social Welfare and Development Usec. for Operations and Programs at Juvenile Justice Welfare Council Chair Parisya U. Taradji ang lungsod sa pagpapasinaya dahil sa pagtataguyod at pagpapatupad nito ng nasabing programa.

Abiso naman ng dating alkalde at ngayo'y Rep. Sherwin T. Gatchalian na "kahit magtayo po tayo ng maraming gusali at punuin ng mga bata, kung hindi natin sila tutulungan, hindi sila marereporma. Kailangan po ng mga taong tulad ninyo na magbibigay ng puso, ng oras para matulungan sila." - ***Beng Bautista***

# New Born Screening

**ANG NEWBORN SCREENING AY ISANG URI NG MEDICAL TEST** kung saan ang mga batang isinilang makalipas ang 24 hanggang 48 oras ay susuriin sa pamamagitan ng pagkuha ng blood sample upang malaman kung siya ay may sakit, congenital disorder, komplikasyon o malubhang kondisyong medikal na maaring humantong sa mental retardation o kamatayan kung hindi maaagapan.

Ang newborn screening ay napasama sa listahan ng public health delivery system nang maisabatas ang Republic Act 9288 o mas kilala bilang Newborn Screening Act ng 2004.

Ayon sa datos ng Department of Health noong 2010, aabot sa mahigit apatnapu't limang libong sanggol ang nasagip mula sa iba't ibang sakit at komplikasyong dulot ng mga ito.


Sa halagang P1,400 lamang, ligtas at maayos na maipanganganak ang mga sanggol at maisasailalim pa sila sa newborn screening sa alin mang tatlong lying-in clinic ng pamahalaang lungsod.

Narito ang kanilang mga numero:
Marulas Lying-in: 292-7284
Paso de Blas Lying-in: 292-6372
Mapulang Lupa Lying-in: 984-3248


Kung may iba pang katanungan ukol dito, makipag-ugnayan sa health center ng inyong barangay o sumangguni sa Health Department ng lungsod sa numerong 352-1000 local 1110. - ***Michael Sangil***



***HEALTHY BA SI BABY?*** *Kinukunan ng blood sample ang isang bagong panganak na sanggol bilang bahagi ng newborn screening upang matiyak ang kanyang magandang kalusugan.* ***J. Licuan***




# City-wide feeding program ng Valenzuela full blast na



**89%** ng mga batang benepisyaryo ng programa noong nakaraang taon ay nakapagpakita ng pag-igi sa kalusugan partikular na ang timbang at performance sa klase ng mga ito.

*source: City Council Education Committee Chairperson Lorie Natividad-Borja*

**MATAPOS ANG POSITIBONG PAGTANGGAP** sa in-school feeding program sa lungsod na inilunsad noong nakaraang taon, mas pinalawak na ito ngayon kasama ang mga mag-aaral sa mga daycare center.

Nasa 8,128 na bata mula sa 113 local day care centers ang isinama ng pamahalaang lungsod sa Chikiting Food Patrol program na dating kilala bilang K to 6 Feeding Program. Samantalang nasa 7,125 mag-aaral mula kinder hanggang grade 6 na kulang sa timbang ang kasali pa rin dito.

Sa kabuuan, 15,253 na mga batang Valenzuelano ang araw-araw na pinapakain ng masusustansyang full meal upang labanan ang malnutrisyon. Umaasa ang lungsod at mga katuwang nito sa proyekto, ang Ateneo Center for Educational Development (ACED) at mga volunteer-nanay na kapag "busog tiyan, lusog isipan din ang mga bata."

Ayon kay Kon. Lorie Natividad Borja, action officer, misyon nitong maibaba ang insidente ng malnutrisyon sa mga bata na nagiging sanhi ng kanilang pangangayayat, kakulangan sa timbang, pagiging masasakitin. "Mga rason ng pagiging mahina sa klase at hirap sa pag-aaral ng mga bata," aniya.

Ayon kay Nicolai Dacuan, manager ng central kitchen na nasa Balubaran, Brgy. Malinta, full blast ang kanilang operasyon tuwing madaling araw. Nagsasaing ng 14 na sakong bigas kada araw ang mga volunteer.

Sinimulan ang pagpapakain sa mga bata nitong Agosto at ipagpapatuloy sa loob ng 136 na araw para sa elementarya at 120 araw naman para sa day care. - ***Beng Bautista***



***VOLUNTEERISM.*** *Ilan sa mga volunteers sa central kitchen sa Sitio Balubaran, Brgy. Malinta habang inihahanda ang 'full meal' ng mga mag-aaral.* ***J. Licuan***

### Zero casualty
# Mga paghahanda sa kalamidad kumasa kay Maring

**MATAPOS ANG MGA IKINASANG PAGHAHANDA** ng pamahalaang lungsod at mga mamamayan para sa pagdating ng mga kalamidad, zero casualty ayon sa opisyal na ulat ang Valenzuela matapos manalasa ang pinagsamang bagyong Maring at habagat na nagpalubog sa iba't ibang bahagi ng bansa sa loob ng halos isang linggo nitong Agosto.

Nagsagawa kasi ng mga flood drill sa ilang mga komunidad sa lungsod bago pa man ang kasagsagan ng tag-ulan na siyang nagpalakas ng kani-kanilang barangay disaster contingency plan.

Kabilang na rito ang Kalye Marcelo, Brgy. Malanday na nilahukan ng 354 pamilya sa pangunguna ng Red Cross Valenzuela at ng The Netherlands Red Cross (NRC). Aktibong nakiisa rito ang mahigit isanlibong residente sa isang agaran nguni't ligtas na paglikas mula sa kanilang mga tirahan patungo sa kalapit na Andres Fernando Elementary School na siya ring naging aktwal na evacuation center noong nanalasa ang bagyong Maring. Sinundan din ng parehong pagsasanay ang mga barangay ng Coloong at Tagalag.

Bahagi ito ng programang *"Partners for Resilience"* ng NRC na nagnanais na ihanda ang komunidad sa pagdating ng mga ganitong hagupit ng kalikasan. Hangad ng programa na palakasin ang koordinasyon sa pagitan ng mga Barangay Disaster Council at City Disaster Risk Reduction and Management Office (CDRRMO) upang maging mas mabilis ang pagpapaabot ng tulong sa panahon ng kalamidad.

Ang lokal na tanggapan ng Dept. of the Interior and Local Government (DILG) ay nagsagawa rin ng kahalitulad na pagsasanay ng mga residenteng nakatira malapit sa daanan ng tubig.

**Alagang 24 oras**

Nakatulong din ang isinagawang consultative meeting ni Mayor REX Gatchalian kasama ang mga opisyales ng mga paaralan at barangay upang plantsahin ang ilang suliraning karaniwan nang kinakaharap ng lokal na pamahalaan tuwing panahon ng kalamidad gaya ng pagtanggi ng ilang mga *school principals* sa paggamit ng mga paaralan bilang *evacuation center*, at ang pagtanggi ng ilang mga residente na lumikas sa kabila ng mga pagbaha.

Sa kasagsagan ng bagyong Maring at matinding mga pagbaha ay personal na tinungo ng alkalde ang mga evacuation center sa buong lungsod upang maipaabot ang tulong sa mga *evacuees* kaagapay ang City Social Welfare and Development Office (CSWDO), Local Disaster Risk Reduction and Management Council (LDRRMC), City Health, City Police, Rescue Team at mga punong barangay.

Naging bukas din 24 oras ang paghahatid impormasyon sa publiko ng pamahalaang lungsod ukol sa taya ng panahon, flood and road conditions, evacuation monitoring, rescue hotlines, level of dams at class suspension advisories.

Tumutok ang mga CCTV camera ng lungsod na nasa mga kritikal na lugar na nagbibigay ng mga aktwal na oras at pangyayari para sa kaalaman ng bawa't Valenzuelano.

**State of Calamity**

Sa 97 opisyal na *evacuation center* ng pamahalaang lungsod, 52 ang nagsilbing kanlungan ng 11,912 *evacuees* o 3,141 pamilya dahil sa pagbaha. Idineklara din ng Sangguniang Panlungsod ang pagsasailalim sa *State of Calamity* ng 25 barangay dahil sa mga pinsala at abala sa kabuhayan. Dito nagkakaroon ang mga naapektuhan ng special financial arrangements mula sa mga ahensya gaya ng SSS at GSIS upang muling makabawi sa buhay. - ***Beng Bautista, Michael Sangil***



*Pinangungunahan ni Mayor REX ang pamamahagi ng 'hot meal' sa mga evacuees na nasa Gen. T. National High School evacuation center mula sa Kitchen on Wheels ng Alagang Valenzuelano Program.* ***Mark Cayabyab***




*Ang Kitchen on Wheels ay handog ng Alagang Valenzuelano Program upang maging bahagi ng disaster relief operations ng lungsod.* ***Mark Cayabyab***



*Itinuturo ng isang volunteer sa mga residente ng Brgy. Marulas ang tamang daanan palabas ng kanilang mga tahanan patungo sa Val. NHS evacuation center sa ginanap na flood drill noong Hunyo 14, 2013.* ***Mark Cayabyab***



*Ang pamamahagi ng relief goods sa kasagsagan ng bagyong Maring sa Brgy. Poblacion.* ***Mark Cayabyab***

## Liham sa Kinauukulan

*Inaanyayahan ng ating pahayagang **Valenzuela Ngayon** na ipahatid ang inyong mga obserbasyon, paglilinaw o mungkahi sa ating mga kinauukulan para sa ikabubuti ng ating lungsod.*

*Ipadala ang kanilang saloobin sa pamamagitan ng email: **info@valenzuela.gov.ph** o kaya i-post sa Official Facebook Fanpage: **Valenzuela City.** May karapatan ang publikasyon na i-edit ang mga liham ayon sa haba, linaw at gamit ng lengwahe.*

### Sesyon, isatelebisyon

Suggest ko na rin po sana gaya sa ibang lugar o bansa na i-televise ang session ng konseho kahit po yung mahahalagang resolutions muna. Tulong ito sa public awareness para lalo pang maging matalino ang ating mga botante. – ***Che Chongco-Lorenzo***

### Oplan Katarata, ituloy

Sana po magpatuloy pa rin ang Oplan Cataract program, kahit hindi na si Congressman Win ang mayor. – ***Gennie Fe Villamor***

### Overpass sa dambana

Sana po magkaroon ng tulay sa may Fatima dambana kasi po maraming student doon ang tumatawid kasama na po ang anak ko; or kahit isang enforcer para magpahinto sa mga sasakayan. – ***Lanie Cambay Misal***

### Health hindi tinitipid

Nice service mula sa mga staff, nurse at doctor sa Valenzuela Emergency. Sobrang ganda ng hospital. Talagang hindi tinitipid ng Valenzuela government ang pondo pagdating sa health. – ***Icer Meneses Padayao***

### Righteous leadership

I'm only 7 years here in Valenzuela and I've seen a lot of development. It is number 1 among 38 highly urbanized cities, naungusan pa ibang lungsod na mas nauna pa sa atin. I think it's because of righteous leadership. – ***Gregorio Pernito. Jr.***

### Hanga sa Rescue Team

Hanga po ako sa service ng rescue unit ng Valenzuela. Anytime may emergencies nandyan agad kayo para sa rescue. Mabuhay po kayo at keep up the good work. – ***Vivencia Gusi Tuico***

### Hi-tech business center

Next sana business centers for information technology, business process outsourcing at financial institutions like the Philippine Stock Exchange. Tutal maraming Valenzuelano ang naglalakbay pa ng pagkalayo-layo to work in these industries. – ***AkoSiBadetsy***

### Rough road

I would like to extend my appreciation and gratitude for giving attention to my request regarding our rough road. People from your engineering department came over to our place to check at sabi po nila may kahabaan yung sukat at kakailanganin daw ng pondo. Sana po mapondohan at tuluy-tuloy na sana ito. Marami din pong salamat sa nakausap ko at mga kasamahan niya na pumunta dito sa amin. – ***Christina B. Herrera***

### City library naman

A progressive urban development should always have a good museum and city library with it. - ***Eugene Tan***

### Responsibilidad ng taumbayan

Sana tayo bilang mga mamamayan ng Valenzuela ay tumulong din sa pagresolba ng pagbaha sa ating bayan. Huwag nating iasa sa mga halal ang lahat ng dapat na gawin. Maging responsable din tayo na magsisimula sa ating mga tahanan. Ang Valenzuela ay hindi nangangailangan ng pagbabago. Pagpapatuloy lamang sa mga plataporma ng nakaraang administrasyon. – ***Rowela Aquino Arcilla***

### State University sa Valenzuela

Sana magkaron din ng state university malapit sa Gen. T de Leon. – ***MaeSol NurAyesha***


Tayo na , Valenzuela!
www.valenzuela.gov.ph

City Government of Valenzuela — *Publisher*
Hon. Rexlon T. Gatchalian — *City Mayor*
Ahna F. Mejia — *Public Information Officer*
***
Mark Lester S.Cayabyab — *Editor-in-Chief*
Beng S. Bautista — *Contributing Writers/Researchers*
Zyan F. Caiña
Rafael C. Cañete
Maricar Eunice G. Francisco
Liezel N. Fulgencio
Fatima O. De Guzman
Michael L.Sangil
Jonathan A. Licuan — *Photo Editor*
Allan C. Tampadong — *Chief Artist*
Jonathan F. Joves — *Illustrator*
Mara S. Salazar — *Online Media Coordinator*
Clairidy C. Pinto — *Circulation*
Apolinar A. Francisco
Ronald A. Delino

Inilalathala ang *Valenzuela Ngayon* ng Publications Unit ng Public Information Office at may tanggapan sa 3rd Floor, Executive Building, Valenzuela City Hall, MacArthur Highway, Brgy. Karuhatan, Valenzuela City.

May karapatang sipi ang Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela.

publishing@valenzuela.gov.ph
Telephone: 352-1000 local 1102
Telefax: 292-9168
Download ***Valenzuela Ngayon*** in PDF at www.valenzuela.gov.ph/valenzuelangayon
Valenzuela City
valenzuelacity
TEAM PIO Public Information Office




*Guhit ni Han Ainan Ongsip, Malinta National High School, 3rd place sa Editorial Cartooning ng National Schools Press Conference 2013.*

# Benepisyong totoo

## Boses Ninyo sa Kongreso



**Rep. WIN Gatchalian**

**Unang Distrito, Valenzuela City**

**MATUNOG NA USAPIN NGAYON** ang priority development assistance fund (PDAF) o tinaguriang *pork barrel* ng mga mambabatas mula nang mailahad sa ulat ng Commission on Audit (COA) na sa panahong 2007-2009 ay inililihis ng ilan ang pondo ng bayan sa mga bogus o pekeng *non-government organizations* (NGOs). Umabot sa halagang P10 bilyon ang pagdidispalko diumano ng nasabing pondo.

Ang isyung ito ng sinasabing pangunguwalta ng pera na para sa mamamayan ay naging sanhi ng pagkuwestiyon sa sistema ng PDAF at kasunod nito ay kung paano tutugunan ang nasabing isyu. Bago pa man sabihin ng pangulo na i-abolish ang PDAF, nahahati na ang opinyon ng mga kongresista. May ilang nagmungkahi na buwagin ito ng tuluyan at may ilan namang nais lamang ng reporma sa sistema kung paano ito gugugulin.

Sa usapin ng PDAF, ito ay pondo na inilaan para sa pangangailangan ng mga mamamayan ayon sa prayoridad ng pamahalaan. Noon, Countrywide Development Fund (CDF) ang tawag dito at ito ay nagsisilbing paraan upang pondohan ng isang mambabatas ang mga maliliit na proyektong imprastraktura o proyektong pangkomunidad na masyadong maliit para pagtuunan ng pansin ng pambansang pamahalaan.

Ang katotohanan ay maraming Valenzuelano ang natulungan sa pamamagitan ng PDAF. Nasa P15 milyon ang ating nailaan para sa tulong na pinansyal at mga scholarship. Sa pagsusuma ng tala:
a. P6.8 milyon ay itinalaga sa tulong na pinansyal para sa mga maralitang pasyente sa pamamagitan ng iba't-ibang ahensyang medikal,
b. P3 milyon ang ginugol para sa mga mamamayan ng Valenzuela na nasa estado ng krisis at nangangailangan ng pinansyal na suporta,
c. at P5.2 milyon naman ang ginamit para sa scholarship ng mga natatanging mag-aaral sa mga pampublikong unibersidad gaya ng University of the Philippines (UP), Polytechnic University of the Philippines (PUP) at Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela (PLV).

Sa sektor ng imprastruktura, tayo din ay naglaan ng P4.5 milyon para sa pagpapatayo ng daycare centers; P2.5 milyon sa pagpapatayo ng isang tatlong-palapag na multi-purpose building/ barangay hall; at P13 milyon sa konstruksyon at pagpapaayos ng mga daanan at bangketa sa ating distrito.

Ganun din noong panahon na si Mayor Rex Gatchalian pa ang kinatawan ng unang distrito ng Valenzuela, masusundan kung saan napunta ang PDAF niya. Sa loob ng kanyang termino simula 2007 hanggang 2013, narito ang buod ng pinatunguhan ng kanyang pondo:
a. P17.77 milyon para sa burial assistance kung saan 5,925 ang natulungan (2008-2012),
b. P19.54 milyon para sa scholarship ng 2,382 na estudyante sa mga paaralan gaya ng UP, PUP, PLV, Datamex, Valenzuela Polytechnic College at TESDA,
c. at P78.45 milyon ang pondo na nailaan para sa pinansyal na tulong sa mga *indigent* na pasyente sa pampublikong ospital gaya ng mga nabanggit sa taas at kasama na rin ang Fabella Hospital.

Sa loob ng anim na taon P963.45M ang pondong iniukol niya para sa mga proyektong imprastruktura, kasama ang flood control project.
Ang PDAF ay nakabubuti o nakasasama depende kung saan ito inilalaan. Kapag ginagamit ito sa wastong paraan mabibigyan ng agarang tugon ang mga idinudulog ng karamihan sa mga mamamayan. Ito o anumang uri ng *discretionary funds* ay hindi magiging sanhi o pinagmumulan ng korupsyon kung ang iniintindi ng may katungkulan ay ang interes ng kanyang nasasakupan at hindi ang paglilinya ng kanyang bulsa. Kung gayon, madali niyang maipapakita kung saan niya ginagamit ang pondo ng bayan.

Bilang hinirang na kinatawan ng mga Valenzuelano, siniguro namin na ang aming pondo ay napupunta sa mga gawain at proyekto na pinakikinabangan ng taga-

sundan sa pahina 7

# Paggalang at pakikisama

## Ang Taumbayan

*Ang pitak na ito ay bukas para sa inyong kontribusyon. Ang opinyon na napapaloob dito ay mula lamang sa may-akda at hindi mula sa patnugutan.*

**Ni Marielle Lyndsey B. Quijada**

**SINO PA BA ANG MAGMUMULAT NG MATA** ng iba sa tamang gawain kung nasa ating mga kabataan na ang pokus ng atensyon ng iba? Tayo na ang siyang dapat maging modelo sa kanila, tayo ang dapat magbuhat ng kanilang mga paa sa daang dapat tahakin ng mga susunod na henerasyon sa atin, sa pag-uugaling tama at sa pag-iisip na akma.

Tila kapansin-pansin ang mga pagbabago ng kabataan sa ngayon. Mula sa pag-uugali, lalo na ang paggalang sa iba. Kung sa simpleng pag-uugaling ito'y hindi tayo papasa, paano pa ang tamang pag-iisip ng solusyon sa ating mga problema?

Di naman masama na bumalik tanaw sa dating kultura. Hindi rin naman nakababawas ng kredibilidad ang paggalang sa iba. Ang paggamit ng po at opo'y di naman kailangan ng bayad para sa magalang na pakikipag-usap. Di lang ito paggalang sa matanda kundi respeto na din sa mga bata. Ang dating pagmamano sa ating magulang ay tila kasama rin sa mga nawala. Ultimo ang pantawag na ate, kuya sa loob at labas ng tahana'y di na rin minsan alintana.

Marami tayong natututunan sa loob o labas man ng paaralan, pero bago sana ang katalinuhan o ibang gawain, matutunan din nating isabuhay ang tamang pag-uugali at asta bilang mga kabataan. Ang mga sitwasyong ito'y tila mababaw ngunit di maitatangging ang iba sa atin ay sadyang nakakalimot o sadyang nakaligtaan na ang paggalang sa kapwa.

Lahat ng tao ay pantay-pantay, bata man o matanda, mahirap man o mayaman. Bawat isa sa atin ay dapat nagpapahalaga sa ating kapwa. Ito ang dahilan kung bakit dapat igalang natin ang bawat isa. Ito ay sandata sa maayos at makabuluhang pakikisama sa iba.

*Si Marielle ng Brgy. Gen. T. de Leon ay Accounting student ng Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela.*



## Ang Konseho

**AYON SA ISANG ULAT NG PHILIPPINE DAILY INQUIRER,** mayroong 90 bayan at lungsod sa buong bansa ang may pinaiiral na ordinansa sa pagbabawal o paglilimita sa paggamit ng plastic. Sa Metro Manila, tanging Caloocan, Malabon, Navotas, Parañaque, San Juan at Valenzuela na lamang ang walang umiiral na ganitong batas. Sa panahon ng walang habas na konsyumerismo, kawalan ng disiplina at problema sa basura ng isang lumalaking populasyon, malaking sakit sa ulo ang basura.

Alamin ang naging kasagutan ng ilan sa mga miyembro ng konseho ng Valenzuela sa katanungang ito:

**Ano ang iyong pananaw sa *Plastic Ban* na ipinatutupad na sa karamihan ng mga local government unit sa bansa? Nararapat bang sumunod o umayon ang Valenzuela City sa ordinansang ito?**



**Kon. Rovin Feliciano**

Iba ang sitwasyon ng Valenzuela sa ibang lungsod o bayan sa nakapagpasa ng Plastic Banning Ordinance. Maraming trabaho sa Valenzuela City ang umaasa sa Plastic Industry. Ang kailangan natin ay paigtingin ang Solid Waste Management Program at bawasan.



**Kon. Cora Cortez**

Sa akin pong pananaw ay hindi kinakailangan na magkaroon ng total ban sa paggamit ng plastic sa siyudad ng Valenzuela sapagkat may mga klase lamang ng plastic na dapat ay ipagbawal, katulad ng mga plastic bag na ginagamit na disposable na nagiging sanhi ng pagbara ng mga daanan ng tubig na dahilan ng pagbaha. Maraming kagamitan ang gumagamit ng plastic bilang raw materials at ang mga ito ay maaari pa ring muling magamit o di kaya ay ma-recycle.



**Kon. Jenny Esplana**

Laging sinasabi na think globally, act locally. Kung marami nang LGU ang may anti-plastic ordinance, hindi malayong sumunod din ang Valenzuela, ngunit bilang dating binansagang Plastic Capital ng Pilipinas, kailangan ng masusing pag-aaral para matiyak na walang displacement ng workers mula sa plastic industry. Sa ganitong paraan, mapangangalagaan ang kalikasan habang inaalagaan ang kabuhayan ng mga manggagawa na umaasa sa plastic industry.



**Kon. Lorie Natividad Borja**

Sa aking pananaw, hindi naman kailangang i-ban ang plastic dito sa Lungsod ng Valenzuela at mas makabubuti kung i-regulate lamang ang paggamit o i-recycle ito dahil mayroon naman ngayong mga biodegradable o nabubulok na plastic gaya ng sa SM, Giordano, etc. at ang iba ay starch-based plastic na hindi nakasasama sa ating kalikasan. Tayo din ay industriyalisadong lungsod kaya maraming pabrika dito ang gumagawa ng plastic at kung ito ay ating iba-ban, maraming kumpanya ang magsasara at marami sa ating mga kababayan ang mawawalan ng hanapbuhay. Paano na lamang ang kanilang pamilya? Tamang paggamit lamang ang kailangan para sa maayos na kapaligiran at kinabukasan.



**Kon. Kim Galang**

Hindi kailangang sumunod ang Valenzuela City sa plastic ban dahil maraming pabrika ng plastic dito na nagbibigay ng trabaho o hanapbuhay sa libo-libong tao na taga-Valenzuela. Kapag pinatupad ito, mas mahirap dahil maraming magugutom at mahihirapang pamilya. Huwag sana nating isisi sa mga plastic ang baha, proper garbage disposal ang ating ituro sa mga tao, maging plastic o papel man ang basura.




# Plastic Ban aprub o hindi?



**Kon. Charee Pineda**

I'm against joining the Plastic Ban bandwagon. I don't think the country is prepared for the total ceased of plastic usage. Plastic ban is not the solution to address waste disposal problem, it is still proper waste disposal, education on waste segregation plus a lot of plastic producers, manufacturers, people will be ill-affected.



**Kon. Lotlot Esteban-Cayco**

Sa aking opinyon, baka hindi kailangan ang total plastic ban. Baka pwede kausapin ang mga manufacturer na gumawa sila ng mga plastic na madaling matunaw (biodegradable materials). Batid natin na ang ating lungsod ay sentro ng kalakalan ng plastic bag at malaking tulong ito sa ating ekonomiya at trabaho.

# Great expectations

## Tinig Mamamayan




Mas mataas ang expectations ko ngayon dahil halos lahat ng nanalo ay galing sa iisang partido kaya mas madali para sa kanila ang magdesisyon at magpasa ng mga resolusyon para sa pag-unlad ng Valenzuela. Pangalawa, maraming nagawa ang nakaraang nanungkulan at malaking pagbabago ang naidulot ng mga iyon kaya umaasa ako na mahihigitan pa nila ang nagawa ng mga nakaraang opisyal ng ating lungsod. Pangatlo, inaasahan ko din mula sa mga nanalong opisyal ang pagtulong nila sa mga barangay kahit na hindi nila kapartido ang nakaupong chairman. - ***Jimuel Calizo Caballero***

Ang pagbibigay ng sapat na trabaho upang mas matugunan namin ang pangangailangang pinansyal nang mawala ang tambay, mabawasan ang krimen at maitaas ang antas ng pamumuhay. Sana ay mas palawigin pa ang lakas paggawa at produksyon. Aanhin mo ang magagandang kalsada, kung walang matuwid na daan tungo sa kaunlaran. - ***Crisanta Tumalad Celestial***

Maigting na panghihikayat sa business investors (lokal o dayuhan) upang masuportahan ang kakulangan sa hanapbuhay at mabigyan ng trabaho ang nangangailangan. - ***Manny Felicerta Carandang***

Pag naayos na ang problema sa baha, maraming mag-iinvest na business kahit sa mga parteng mabababa ang lugar. More business means more job opportunities and development. - ***Jo Hanna Grace***

Magkaroon ng sapat na mga street light ang mga barangay upang maiwasan ang anumang masasamang bagay dulot ng madidilim na kapaligiran. - ***Jay Sañosa***

Mas paibayuhin pa ang pagpapalakas sa barangay at magkaroon ng solidong programa para sa mga kabataan partikular sa mga out-of-school youth (OSY). - ***Joshua Pabillano***

Sana po magkaroon ng playground kung saan malayang makatatakbo ang mga bata at hindi puro basketball court na lang. - ***Ann Alcantara Francisco***

Siempre kailangang magsimula sila sa level of governance and performance ni Mayor Sherwin Gatchalian. Yun bang hands-on sa trabaho, lalo na ang mga konsehal. Kasi kapag hindi sila nagpakita ng ganung performance, alam na ng tao kung papano sila huhusgahan sa susunod na eleksyon. - ***Edith Ilag***

Sana po ay ipalinis ang ating mga ilog. Yung ilog po sa West Canumay, amoy chemical po. Buhayin po sana natin ang ating mga ilog sa Valenzuela. - ***Emmanuel Viva Centeno***

Panatilihin po ninyo na abot-kamay namin kayo. - ***Zenny del Carmen***

Mahigpit na pagpapatupad ng batas lalo sa pagdidisiplina ng mga mamayan. Madalas nating ireklamo ang baha sa lungsod, dapat ding maibalik sa tao ang kanyang kontribusyon sa pagpigil dito. - ***Jomari Jake Fiel***

Pagtuunan ng pansin ang mga tagong barangay na lubak-lubak ang daan; ituloy pa rin ang pagsasaayos ng mga kanal para lubusan nang mapuksa ang pagbaha; ituloy ang peace and order at higit sa lahat ipagamit sa taong bayan ang mga ginawang overpass. – ***Angelo Capitle***

Hindi na po sana tumaas ang tax especially ang business permit. – ***Jahlyn Salvador Mamaradlo***

# Benepisyong totoo

mula sa pahina 6

Valenzuela. Hindi ito napupunta sa mga kuwestiyonableng non government oragnizations (NGO) gaya ng ITO NA MI ni Janet Napoles. Hindi ito napupunta sa mga NGO na diumano'y nakabase sa Lucena at sa Antipolo, at wala namang kinalalaman sa ating lungsod. Hindi rin imbento mula sa sinu-sinong pangalan ng mga pasado sa *professional exams* ang mga benepisyaryo namin, bawat pangalang nakatala ay may napalang benepisyong totoo.(Para sa mga detalye ng COA report sa PDAF pumunta sa http://coa.gov.ph/GWSPA/2012/SAO_Report2012-03_PDAF.pdf

Bilang mga *taxpayers* karapatan ng mga Valenzuelano na malaman kung saan napupunta ang buwis na kanilang binabayaran. Dahil ito ay galing sa inyong pinagkakabuhayan at pinaghihirapan, karapatan ninyong hingin sa mga opisyal na sila ay managutan kung saan dinadala ang pera ng bayan. Ito ay kinakailangan at simula patungo sa *transparent* na pamamahala.

Ang isyu ng PDAF ay dapat magsilbing hamon sa mga pampublikong opisyal na maging *transparent* at tuwid sa kanilang panunungkulan. Ang isyu ay paghamon din sa mga Valenzuelano na pag-isipang mabuti kung sino ang kanilang inilalagak bilang kinatawan at na maging mapagbantay sa kanilang paninilbihan.

Dapat linisin ng tuluyan ang hanay ng ating mga mambabatas at masisimulan ang repormang ito kung lahat ng mapapatunayang may sala ay mahatulan ng nararapat na kaparusahan. Ang mga ganitong huwad na 'public servant' ay dapat maalis sa puwesto at higit sa lahat gaya ng nararapat sa sinumang kriminal ay makulong ng mas matagal gaya ng minumungkahi ng ilan dahil sa sala ng pagnanakaw sa bayan.

Ngayon natin masusubok kung sino ang tunay ang hangarin sa paglilingkod sa mamamayan. May PDAF man o wala, makakaasa ang mga Valenzuelano sa pagpapatuloy ng ating mga proyekto at tulong pinansyal. Hinihikayat naming kayong makipag-ugnayan sa ating tanggapan para sa mga suhestiyon o anumang inyong nais idulog.

Matapos ang ating paninilbihan bilang punong-lungsod sa loob ng siyam na taon, ipagkatiwala ninyo na bilang kinatawan ng lungsod ng Valenzuela, patuloy pa rin ang ating tapat na serbisyo publiko para sa ikauunlad ninyo.

# Ang Kasambahay Law

## Usapang Legal

**Ni Mark Oliver V. Estavillo**
**Paralegal, City Legal Office**

**NGAYONG TAONG 2013, BINIGYANG-PANSIN** ni Pangulong Benigno Aquino ang mga taong katuwang nang mga amo sa kanilang pang-araw-araw na buhay partikular na ang mga gawaing-bahay.

Pagkatapos ng mahabang panahon, napagkalooban ng mas malawak na karapatan ang mga kasambahay sa ating lipunan sa pamamagitan ng "Kasambahay Law" (RA 10361) na isinabatas, Hunyo 4, 2013.

Pinapalawig ng batas na ito ang mga karapatan ng mga kasambahay tulad ng pagtataas ng kanilang sweldo. Kung ibabatay natin sa Labor Code, nakasaad na ang sweldo ng mga kasambahay ay P1,500 sa Kalakhang Maynila at P1,000 naman sa mga probinsya.

Sa bagong batas na nabanggit, P2,500 ang pinakamababang suweldo ng isang kasambahay sa Kalakhang Maynila samantalang P2,000 sa "chartered cities & first class municipalities" at P1,500 sa mga probinsya.

Ayon pa rin sa bagong batas, ang sweldo ng isang kasambahay ay dapat bayaran ng pera (cash) at hindi ng ibang bagay tulad ng tseke o "promissory note." Ang kasambahay ay dapat bayaran din ng "13th month pay."

Kung ang kasambahay ay umabot ng isang taon sa serbisyo, siya ay nararapat bigyan ng limang araw na "service incentive leaves."

Kung ang kasambahay ay nakapagtrabaho ng isang buwan, siya ay dapat pagkalooban ng kanyang amo ng SSS, Philhealth at Pag-IBIG.

Ang amo ang sasagot sa mga kontribusyon na ito kung ang sweldo ng isang kasambahay ay mas mababa sa P5,000, kung higit naman ay dapat na magkaroon ng proportionate share sa pagitan ng amo at ng kasambahay sa pagbabayad ng mga kontribusyong ito.

Ito ay ilan lamang sa mga kapakinabangan ng mga kasambahay na napapaloob sa bagong batas na tinalakay.

*Para sa inyong suliraning ligal, tumawag sa City Legal Office, 352-1000 o sa Public Attorney's Office, 294-08-99.*



**MGA BAYANI NG HIMAGSIKAN.** *Nakaharap ng mga estudyante ng Philippine Ling Lian Christian School ang life-size sculptures nina Gen. Tiburcio de Leon, Dr. Pio Valenzuela at Kap. Delfin Velilla, mga bayaning Valenzuelano noong Himagsikan.* ***Kuha ni J. Licuan***

# Walk-through sa kasaysayan



**ARKONG BATO REPLICA.** *Nagpapalitan ng kuro-kuro at nagtitipon ng mga butil ng kaalaman ang mga bisitang ito sa VCM, kung saan isa sa mga tampok rito ang replica ng Arkong Bato. Nagsilbi itong hangganan ng mga probinsya ng Bulacan at Rizal sa kalye ng MH del Pilar noong 1910. Bukas ang VCM sa publiko Lunes hanggang Biyernes, 9AM hanggang 5PM at wala itong bayad.* ***Kuha ni Mark Cayabyab***



VALENZUELA CITY MUSEUM

**NAGBUKAS NA SA PUBLIKO ANG VALENZUELA CITY MUSEUM (VCM)** sa ground floor ng city hall, Hunyo 27, 2013. Kasama ang tagapangulo ng Heritage Conservation Society at dating direktor ng National Museum na si Gemma Cruz-Araneta, pinasinayaan ito ng noo'y Mayor Sherwin T. Gatchalian upang magsilbing tanglaw sa mamamayan ukol sa kasaysayan ng lungsod.

"The museum was built to create a sense of affinity and connection to our beloved constituents," wika ni Gatchalian. Sa pamamahala ng City Cultural Affairs and Tourism Development Office (CATDO), isa na itong dagdag atraksyon na dinadayo ng mga mag-aaral at maging ng mga Valenzuelanong bumibisita sa city hall.

Ayon kay Jonathan Balsamo, curator ng museo, hinati ang VCM sa iba't ibang yugto ng kasaysayan. Pagpasok pa lamang sa museo, magsisimula ang mga exhibit sa pre-Hispanic era at babaybay sa panahon ng mga mga Kastila, ang American Period, panahon ng digmaan, ang pagsisimula ng industriyalismo sa lungsod, hanggang sa tinatamasa nitong pagiging "Vibrant City."- ***Eunice Francisco***



**MGA LIDER NG BAYAN.** *Nakatanghal din sa VCM ang larawan ng mga dating punong lungsod at kinatawan sa Kongreso.* ***M. Cayabyab***



*Kasama si dating Mayor Sherwin Gatchalian (pangatlo mula sa kaliwa), ganadong binaybay ng mga bisita ang museum sa unang araw ng pagbubukas nito.* ***- M. Cayabyab***

# 24/7 magbabantay, 24/7 aalalay



Valenzuela City VC C3 Command and Coordinating Center

**BUONG ARAW, BUONG LINGGO SAANMANG PANIG NG LUNGSOD AY NAKAANTABAY** ang 73 closed-circuit television (CCTV) camera at 10 monitoring screen ng bagong tayong Valenzuela City Command and Coordinating Center o VC-C3.

Pinaglaanan ng P23.7 milyon, ang VC-C3 ay nakatakdang magmonitor ng lagay ng trapiko, taas ng lebel ng baha at maging ang mga krimen na nagbabadyang maganap. Naatasan din itong maging "call center" ng lungsod para sa mga sitwasyong nangangailan ng agarang pag-aksyon.

Ito ay nasa ilalim ng City External Services Office (CESO), kahanay ang bago ring gawang Disaster Preparedness Office (DPO) na pinagkagastusan ng P11.4 milyon at karagdagang P26.5 milyon para sa mga kagamitan ng ahensya. Ito ang magsisilbing kaagapay ng VC-C3 sa pagresponde sa panahon ng mga kalamidad at emergencies.

Ang mga pasilidad na ito ay ilan sa mga huling naisakatuparan ng ngayo'y Rep. WIN Gatchalian bago nagtapos ang kanyang termino bilang alkalde.


Ang mga nabanggit na ahensya ay matatagpuan sa CESO Compound na nasa Brgy. Dalandanan.- ***Michael Sangil; kuha ni Jonathan Licuan***



*Ang pagkakabit ng CCTV camera sa kanto ng MacArthur Highway at Cecilio Santos Street sa Brgy. Karuhatan. Malaking tulong ang mga teknolohiytang ito sa pagpapanatili ng kaligtasan at kapayapaan sa lungsod.*



*Iniinspeksyon ni Mayor REX Gatchalian ang operasyon ng VC-C3 noong kasagsagan ng Bagyong Maring. Kasama niya si OIC Norman Ancheta, dating electronics and information systems division chief ng Armed Forces of ther Philippines .*



*Ang quonset-type Valenzuela City Disaster Preparedness Office, katabi lamang ng City Motorpool.*



*Rescue boats para sa mga barangay.*



*Valenzuela City Rescue Team, kasama ang kanilang hepe na si Dr. Arnaldo Antonio sa kanilang bagong Disaster Preparedness Office. Hotline: 292-1410 para sa inyong pangangailangan.*